

Pinag-iisipan mo bang kumuha ng Tutor?



Kapag nakahanap ng tutor na gusto mong kunin:

- pag-usapan ang bayad.
- desisyunan ang iskedyul.
- pag-usapan kung gaano katagal ang mga sesyon..
- magtalaga ng lugar para sa mga sesyon.
- pag-usapan kung ilang sesyon ang gagawin. Halimbawa, hanggang sa susunod na panahon ng reporting. Pagdating ng panahon na ito, dapat mag-usap ang tutor at ang iyong anak kung ipagpapatuloy ang sesyon o hindi.

Kadalasan ang pagkuha ng tutor ay panandaliang commitment lamang. Kapag gusto mo ng pangmatagalan na serbisyo ng tutor, kausapin ang guro tungkol sa epekto ng tutoring sa progreso ng inyong anak.

“Considering A Tutor?”



“Pinag-iisipan mo bang kumuha ng Tutor?”


[Filipino]

Ang brosyur na ito ay isa sa mga serye na inisponsoran ng programang VSB SWIS at ang pinagsamang gawain ng mga ESL na guro at ng grupong VSB MCLW.



Ang programang ito ay ginawang posible sa pamamagitan ng pondo galing sa Gobyerno ng Canada at ng Probinsiya ng British Columbia.

Pinag-iisipan mo bang kumuha ng Tutor?



Mga tips sa paghahanap ng mahusay na tutor para sa iyong anak

Pinag-iisipan mo bang kumuha ng Tutor?

Minsan kumukuha ang magulang ng “qualified” na tutor para matulungan ang kanilang anak na maging matagumpay sa pag-aaral. Kung kayo ay nag-iisip na kumuha ng tutor, makakatulong ang impormasyon sa brosyur na ito.

Ang mahusay na tutor ay:

- kumukonsulta sa guro ng iyong anak.
- nagbibigay suporta at pagpatibay ng natututunan sa eskwela.
- tumutulong sa paglinang ng kakayahan sa Ingles tuwing may tutorial sesyon.
- tumutulong sa pagbuo ng matibay na kakayahan sa pag-aaral at pag-organisa.
- **KAHIT KAILAN** hindi gumagawa ng takdang- aralin para sa iyong anak.
- **PALAGING** inaalalayan ang iyong anak sa gawaing-pang-eskwela para siguraduhin na naintindihan ang mga inuuwing takdang-aralin at sinusupportahan ang inyong anak habang ginagawa ito.
- gumawa ng pagsasanay para patibayin ang kaalaman tungkol sa paksang pinag-aaralan sa eskwela kung walang takdang-aralin na ibinigay.

Kailangan ba ang tutor?

May mga bata na natututo sa karagdagang “one-on-one” na suporta. Para maging matagumpay ang tutoring kailangan ang aktibong pakikilahok ng bata. Kung hindi natututo ang bata pagkaraan ng pangatlo o pang-apat na sesyon maaring hindi tugma ang tutor sa anak ninyo.

Paano makahanap ng tutor?

- Alamin sa guro kung sa tingin niya makikinabang ang iyong anak sa pagkuha ng tutor. Kung ang sagot ay “oo” humingi ng rekomendasyon. Mahalagang malaman na ang guro ay hindi maaring mag-tutor ng mag-aaral na nasa kaniyang klase.
- Magtanong sa ibang magulang o kaibigan na merong anak na nagpapa-tutor.

Kung nakatira ka sa Lower Mainland maaring tawagan ang Teachers’ Tutoring Service sa numerong 604-730-3410 o bisitahin ang kanilang website sa <http://www.tutor.bc.ca/about-us.html>

Ano ang mga kunsiderasyon sa pagkuha ng tutor?

- Siguraduhin na ang tutor ay “qualified” na guro. Lahat ng “qualified” na guro sa BC ay kinakailangan ng “criminal records check”. Ito ay mahalaga sa pagkuha ng tutor.
- Humingi ng “references”.
- Kontakin ang “references”. Kung ikaw ay nasisiyaha, makipagkita sa tutor kasama ang iyong anak.
- Kapag ikaw at ang iyong anak ay komportable sa tutor, sabihin sa kaniya ang pangalan ng eskwelahan at ng guro para makontak niya ito at mapag-usapan ang angkop na plano para suportahan ang iyong anak.
- Pag-usapan kung ilang beses magpatutor ang iyong anak. Kapag gaganapin ang tutoring sa iyong bahay, **siguraduhin** na merong magulang sa oras ng sesyon.
- Pag-usapan ang bayad. Nag-iiba ang singilan sa baw’t rehiyon. Kadalasan, mas mahal ang “one-on-one at pag-tutor sa bahay kumpara sa iba.